4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 2

Aralin

4

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

**Banghay Aralin Baitang 4**
**Kwarter 2: Aralin 4 (Linggo 5)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. It aims to assist in delivering the curriculum content, standards, and lesson competencies. Any unauthorized reproduction, distribution, modification, or utilization of this material beyond the designated scope is strictly prohibited and may result in appropriate legal actions and disciplinary measures.

Borrowed content included in this material are owned by their respective copyright holders. Every effort has been made to locate and obtain permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and development team do not represent nor claim ownership over them.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Lily Fetalsana Apura

**Tagasuri:** John Carlo Ramos, Liza T. Bacierra, Voltaire M. Villanueva

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Centre

Every care has been taken to ensure the accuracy of the information provided in this material. For inquiries or feedback, please write or call the Office of the Director of the Bureau of Learning Resources via telephone numbers (02) 8634-1072 and 8631-6922 or by email at blr.od@deped.gov.ph.

**GMRC/ KUWARTER 2 / BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Matututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagbibigay-halaga sa pamilya bilang paglalapat ng mga aral ng pananampalataya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang iba't ibang paraan ng paglalapat ng mga aral ng pananampalataya sa mga sitwasyon sa pamilya bilang tanda ng pagiging masunurin. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Naipakikita ang pagiging masunurin sa pamamagitan ng mapagkalingang pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya<br><br>a. Nakapagpapahayag ng iba't ibang paraan ng paglalapat ng mga aral ng pananampalataya sa mga sitwasyon sa pamilya.<br>b. Nakapagsusuri na ang paglalapat ng mga aral ng pananampalataya bilang gabay sa mga sitwasyon sa pamilya ay tungo sa malugod na pamumuhay<br>c. Naisasakilos ang iba't ibang paraan ng paglalapat ng mga aral ng pananampalataya sa mga sitwasyon sa pamilya. |
| **D. Nilalaman** | Pagbibigay-halaga sa Pamilya Bilang Paglalapat ng mga Aral ng Pananampalataya<br>3. Mga Paraan ng Paglalapat ng mga Aral ng Pananampalataya sa Pamilya<br>4. Pagsasabuhay ng Pananampalataya sa Iba't-ibang Situwasyon ng Pamilya |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga** | Masunurin *(Obedience)* |
| **F. Integrasyon** | Paggalang sa karapatang pantao – karapatan sa relihiyon at kalayaan sa paniniwala (Universal Declaration of Human Rights – Article18) |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|

Arcdiocese of Saint Paul and Minneapolis, (n.d.) What is Faith? How Does It Tie in to What We Believe as Catholics? Retrieved from https://www.archspm.org/faith-and-discipleship/catholic-faith/what-is-faith-how-does-it-tie-in-to-what-we-believe-as-catholics/
Bobyreva, E.V. (n.d.) Place of Family and family values in world Basic religions. Retrieved Nov. 4, 2023 @ file:///C:/Users/superuser/Downloads/25902968.pdf
Roberto, J. ( Life Long Faith spring 2012). The Importance of Family Faith for Lifelong Faith Formation. Retrieved from https://www.lifelongfaith.com/uploads/5/1/6/4/5164069/family_faith_formation.pdf
(n.a.) (n.d.) Ang Konstitusyon ng Republica ng Pilipinas 1987. Reterieved Nov. 4, 2023 @ https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/
Simons, Helen (n.d.). What is Faith? Retrieved from https://activechristianity.org/what-is-faithTaylor, John Wesley, (n.d.). Instructional Strategies for the Integration of Faith and Learning. Retrieved from https://christintheclassroom.org/vol_27/27cc_409-425.htm


| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>Hihikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng ginawaga nilang pagpapakita ng pagmamahal sa kanilang mga magulang. Tanungin kung anong mga aral ng Pananampalataya ang kanilang natutunan sa kanila, at kung paano ito inilalapat sa buong pamilya. Isulat ang mga sagot sa tsart. | Gawin ng pangkatan ang Maikling Balik-aral. Pumuli ng pinuno upang mag-ulat sa klase.<br><br>Iugnay ang talakayan sa nakaraang aralin tungkol sa mga ginawang pagpapakita ng pagmamahal sa pamilya ng mga mag-aaral, sa bagong aralin tungkol sa aral ng pananampalataya. |

| Mga Aral ng Pananampalataya | Mga Paraan ng Paglalapat sa Pamilya |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |

<table>
<tr><td></td><td>

| | |
|---|---|
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |
| 6. | |
| 7. | |

</td><td></td></tr>
<tr><td>B. Paglalahad ng Layunin</td><td>

**Pagtatalakay**

Hindi sapat na tayo'y nagpapahayag lamang ng ating paniniwala sa mga salita; *dapat itong maipakita sa ating mga gawa at kilos*. Ang pagsasabuhay ng pananampalataya lalo na sa ating pamilya ay nagbubunga ng masaganang pagpapala mula sa Diyos. Kapag tayo ay tapat na sumusunod sa mga utos ng Diyos at ipinapakita ang pagmamahal sa Kanya at sa ating pamilya, nagiging instrumento tayo ng Kanyang pagpapala at biyaya sa isa't isa.


Sa pamayanan naman, ang pagsasabuhay ng mga aral ng pananampalataya ay nagbibigay-daan sa atin upang maging instrumento ng pagbabago. Sa pamamagitan ng pagiging mabuting mamamayan, pagtulong sa mga nangangailangan, at pagiging mapanagot sa ating mga tungkulin, nagiging bahagi tayo ng pag-unlad at pagpapabuti sa ating kapaligiran. Sa pamamagitan ng tapat

</td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | at masigasig na pagsunod sa aral ng pananampalataya, nagiging daan tayo ng pag-asa, pag-asa, at pag-ibig sa ating pamilya at pamayanan. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay sa Paksa 3:** Mga Paraan ng Paglalapat ng mga Aral ng Pananampalataya sa Pamilya<br><br>**Ang Pagsamba, Pagka Madasalin at Mapasalamatin, sa Diyos**<br><br>Pagsusuri:<br><br>1. Natatandaan mo pa ba ang huli mong pagsamba? Kailan yon?<br>2. Bakit tayo nagsasamba? Ano ang ginagawa natin kung nagsasamba?<br>3. Ano naman ang mabubuting epekto sa atin ng pagsamba?<br><br>**Talakayan**<br><br>Ang **pagsamba** ay isang kilos sa pagbibigay puri sa Diyos. Ginagawa natin ito, sa pamamagitan ng panalangin, pag-awit, at pag-aalala ng mga aral at gaw ng Panginoon. Sa pamamagitan ng sama-samang pagsamba, ang mga mananampalataya ay nagkakaisa sa kanilang pananampalataya at nagpapalakas sa bawat isa. Ang pagsamba ay naglalayong magbigay ng panahon sa paghamumuni-muni ng buhay ayon sa kalooban ng Diyos na kasa-kasama ang iba pang mananampalataya. Ito ay nagbibigay-daan sa mga mananampalataya na maging mas mabuting tao at maging instrumento ng pagpapala at kabutihan sa kapuwa.<br>Ano ang panalangin o dasal? Ano ang kahalagahan nito?<br>Ang **panalangin o dasal** ay pakikibahagi at pakikipag-usap sa ating Panginoon. Isang pamaraan na rin ito ng pagsamba sa Diyos pero personal. Sa panalangin, | *Mahalaga ang bawat indibidwal sa Pamilya. Kalooban ng Diyos na mahalin natin at alagaan ang ating mga mahal sa buhay.*<br><br>*Halimbawa:*<br><br>*Kinaugalian na namin na kumain ng sabay-sabay tuwing hapunan.*<br><br>*Nagsisimba kami tuwing linggo ng sama-sama at pagkatapos ay kakain sa labas.* |

| | | |
|---|---|---|
| | pinaparating natin sa Diyos ang ating pagpuri, pagpapasamalat sa mga pagpapala, ting mga damdamin at hinaing. Humingi tayo ng Kaniyang tulong at gabay. Ito ay isang pagpapahalaga sa pakikipag-usap sa Panginoon.<br>.<br>Ang **pagkamapasalamatin** ay dadamin o saloobing pagkilala ng ating utang na loob sa Diyos at sa mga taong nakapaligid sa atin. Galing ang pagpapasalamat sa pagkilala ng kabutihan at kagandahang loob ng Diyos man o ng mga tao sa ating paligid. Nararamdaman at nakikita natin ang kabutihan ng Diyos sa kalikasan at sa mabubuting gawa para sa atin. Sa pagkilala natin ng mga ito, nag-uumapaw ang pasasalamat at kagustohang maiparamdam ang ating ganti sa kabutihang ating natatamo. Ang pagnanais at saloobin natin ang nagtutulak sa atin na gumawa ng mabuti sa iba bilang ganti.<br><br>Ano ano ang pwede nating gawin para maipahayag natin ang magangandang saloobin natin?<br><br>Basahin ang Kwento Ni Bless<br>Biyaya si Bless<br>Kuwento ni Lily F. Apura<br><br>Masayang nakikipaglaro ng taguan si Bless sa mga batang kapitbahay. Tuwang-tuwa sila ng kaibigan niyang si Karen na batang muslim, dahil hindi pa sila naging taya. Tahimik na nagtago si Bless malapit sa taguan ni Karen. Linggo ng hapon noon at walang pasok. Nakapagsamba na ang pamilya ni Bless. Natatandaan pa nga ni Bless ang pangaral, “Maging masunurin sa magulang at magmahalan sa pamilya. Utos yan ng Diyos.” Magaan ang kanyang pakiramdam matapos silang magsimba. Laking *pasasalamat* niya at kumain pa sila sa Jollibee pagkagaling sa simbahan.<br><br>“Bless, Bless!” Medyo nagulat si Bless. Boses yoon ng nanay niya. Sasagot na sana siya, ngunit sinenyasan siya ni Karen sa huwag maingay. “Mamaya ka na umuwi.” Pabulong na sabi ni Karen. Pero hindi mapakali si Bless. “Baka kailangan ni Nanay | *Pagtatalakay sa Kuwento ni Bless*<br><br>*Mga sagot:*<br><br>*1.May pananampalataya ang pamilya ni Bless. Pinahahalahagahan nila ito. Pinapaalalahanan si Bless ng Tatay niya na tulungan ang kanyang Nanay. Makikita din antin na nakikipagkaibigan si Bless sa isang bata naiiba ang* |

| | | |
|---|---|---|
| | ang tulong ko?” Bulong ni Bless. Naisip ni Bless, ‘Bibihirang mag-utos si nanay. Baka hindi kayang mag-isa ni Nanay ang ginagawa niya. Nagbilin pa naman ang tatay na tulungan ko si Nanay sa gawaing bahay.’ “Baka mag alala si Nanay.” Sabi niya kay Karen. “Uuwi na ako.” Nagmamadaling lumabas si Bless sa kanyang pinagtataguan at umuwi. “Narito na po ako nay,” ang sabi niya.<br><br>Kailangan pala ng kanyang Nanay nang hahawak sa upuan na tatayoan nito para maglagay ng kurtina. “Ay salamat anak at nandito ka. Talagang biyaya ka ng Diyos sa amin. Ang iyong buhay ay nagpapakita ng pagmamahal sa Diyos.” Ang sabi ng kaniyang Nanay. Ngumiti si Bless. Masaya siyang bumalik pagkatapos mailagay ang kurtina, at nakilahok uli sa laro ng mga kapuwa bata. Naisip niya, “Maganda pala ang pakiramdam kung unahin mo ang paggawa ng mabuti kaysa sa sariling gusto.”<br><br>**Paglalapat: Tanong at sagot**<br>1. Ano anong mga aral ang nasa isip ni Bless na nakikita natin sa kanyang gawa?<br>2. Ano ang mga palatandaan na naisapuso ni Bless ang mga aral na ito?<br>3. Ano anong mga gawa ni Bless ang nagpapakita ng nasa puso o saloobin ni Bless?<br>4.Ano kaya ang puwedeng mangyari kung hindi umuwi si Bless?<br><br>**Gawang Aralin 2: Pagsasabuhay ng Pagmamahal sa Diyos**<br><br>Punan ng mga gawang nagpapakita ng pagmamahal sa Diyos ang mga bilog.<br><br>Gabay sa pagmarka:<br>10/10 Napunan ang lahat ng bilog at ang gawa ay nagpapakita ng angkop na pagsasabuhay ng aral ukol kaugnayan sa Diyos, sa pamilya at sa kapwa.<br>8-9: Napunan ang lahat ng bilog at ang gawa ay may isang kulang sa pagpapakita ng pagsasabuhay ng aral ukol kaugnayan sa Diyos, sa pamilya at sa kapuwa. | *pananampalatyaa sa kaniya. Magalang at Masunurin si Bless. Hindi niya maatim na baliwalain ang tawag ng kanyang Nanay. Inaalala at isinanasa puso ni Bless ang mga aral ng pananampalataya.*<br><br>*2. May malasakit si Bless sa kaniyang Nanay dahil naiisip niya na baka may kailangan ang kaniyang Nanay. Hindi niya ito pinabayaan lang.*<br><br>*3. Umuwi si Bless para tugunin ang tawag ng nanay niya. Mahal at iginagalang niya ang kanyang mga magulang.*<br><br>*4. Puwedeng mahulog ang Nanay niya habang naglalagay gn kurtina dahil wlaang humawak sa upuan. Maaring pagalitan si Bless ng kaniyang Nanay. Hindi magiging maganda ito sa bandang Nanay ni Bless o kahit kay Bless. Hindi masisiyahan kay bless ang kaniyang ama. Hindi rin matutuwa si Bless sa sariling kilos.* |

| | | |
|---|---|---|
| | 5-7: Hindi napunan ang lahat ng bilog at ang gawa ay kulang ng dalawang pagpapakita ng pagsasabuhay ng aral ukol kaugnayan sa Diyos, sa pamilya at sa kapwa.<br>1-4: Isang katergorya lamang ng nagpapakita ng pagsasabuhay ng aral ukol kaugnayan sa Diyos, sa pamilya at sa kapwa ang napunan sa gawa.<br><br><br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay sa Paksa 4: Pagsasabuhay ng Pananampalataya sa Iba't-ibang Situwasyon ng Pamilya**<br><br>Ang pananampalataya ay isang mahalagang bahagi ng buhay ng pamilya. Ito ay nagbibigay ng gabay, lakas, at pag-asa sa bawat miyembro ng pamilya sa bawat yugto ng kanilang buhay. Sa anumang sitwasyon, maaaring maging pagkakataon | *Lalaki si Bless na mabuting tao. May disiplina sa sarili at pagpapahalaga sa pananampalataya at pamilya.*<br><br>*Sintesis:*<br><br>*Ang pagmamahal sa Diyos ay naipapakita hindi lang sa pagsamba at pagdasal. Agn pagmamahal sa pamilya ay kapuwa a pagpapatunay ng pagmamahal sa Diyos. Ang pagsamaba ay nagpapalakas ng ating pananampalataya na* |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
ang pananampalataya upang palakasin ang ugnayan ng bawat isa at magdulot ng kapayapaan at kagalakan sa puso ng bawat miyembro.
Sa mga masaya at magiliw na sandali, ang pagsasabuhay ng pananampalataya sa pamilya ay maaring ipakita sa pamamagitan ng pagpapasalamat sa Diyos para sa mga biyaya at tagumpay na natatanggap. Ito ay maaaring gawin pagpapasasalamat at pagdiriwang, kung saan ang bawat miyembro ay nagkakaisa sa pagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng pagdarasal, pag-awit ng mga papuri, at palilingkod sa Diyos.
Sa mga masalimuot at mapanghamon na panahon naman, ang pananampalataya ay nagbibigay ng lakas at pag-asa sa pamilya upang harapin ang mga pagsubok. Sa panahong ito, ang pagsasabuhay ng pananampalataya ay maaaring ipakita sa pamamagitan ng pagtitiwala at pananalig sa Diyos, pagtutulungan at pagtitiis, at pagkakaisa sa pamamagitan ng panalangin. Dahil kasa-kasama nating ang pamilya hinsi maiiwasan na may di pagkakaunawaan paminsa- minsan. Kailangan bawat isa ay matutong magpakumbaba, humingi ng tawad at magpatawad.
Kung sa sitwasyon ng pagkakasakit, pagkamatay, o kawalan, ang pananampalataya ay maaaring maging tanglaw at gabay ng pamilya. Ito ay nagbibigay ng kapayapaan at kapanatagan sa gitna ng lungkot at pagsubok. Ang pagsasabuhay ng pananampalataya sa mga ganitong panahon ay maaring ipakita sa pamamagitan ng pagkakaisa, pagdamay, at pagmamahalan sa bawat isa.
Ang Pagpapatawad Sa Pamilya at Magkakaibigan
Ang pagpapatawad ay mahalaga sa buhay at kaligayahan ng ating pamilya. Kapag may pag-aaway at di pagba-batian, nasisira ang pagsasamahan sa pamilya. Nawawala ang pagkakasundo sundo at pagtutulungan. Ang nasaktang miyembro ng pamilya ay maaring mag hinanakit o mag kimkim ng galit. Maaari itong maging away na talaga. Ang pagpapatawad ay nagpapa numbalik ng mabuting relasyon sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya.
</td>
<td>magign mapagmahal sa at mabuti sa kapuwa.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Ang pagpapakumbaba at paghingi ng tawad ng nakagawa ng mali ay umaalis sa hinanakit at galit ng nasaktang miyembro ng pamilya. Sa paghingi ng tawad naipapakita natin ang pagpapahalaga sa damdamin ng nasaktan. Mas makakabuti kung gagawa tayo ng bagay para maitama ang nagawang pagkakamali. Sa ganitong paraan mababawasan ang hirap o sakit sa dulot ng ating abala, o mabigat na damdamin ng miyembro ng ating pamilya.<br><br>Ang paghingi ng tawad at pagpapatawad ay nagbabalik sa pagkakasundo sundo. Maibabalik din ang magandang komunikasyon at magandang relasyon. Sa paghingi ng tawad at pagpatawad hindi naiipon ang galit at hindi magkakaroonng hinanakit sa isat-sat sa pamilya.<br><br>Lahat tayo ay nagkakamali o nagkukulang sa ating mga mahal sa buhay at kaibigan. Ang paghingi ng tawad at pagpatawad ay nagpapatibay ng ating relasyon at pag-unawa sa isat-isa. Nagbibigay daan ang paghingi ng tawad at pagpatawad sa pagbuti ng asal natin. Importante ang mga ito sa masaya at matibay na pagsasamahan ng isang pamilya.<br><br>Mga tanong sa pagsasalaysay:<br><br>1. Ano ano ang mga hamon o problema sa buhya nanaranasan na ng inyong pamilya?<br>2. Paano ninyo ito hinarap? Bakit kailangan ang pag-unawa, pagkakaisa, at pagdadamayan sa pamilya?<br>3. Bakit kailangan ang paghingi ng patawad at pagpatawad?<br>4. Ano ano ang mga magagandang dulot ng paghingi ng patawad at pagpapatawad sa pamilya?<br><br>**Ito ang Gagawin Ko, Ano ang Gagawin Mo**<br><br>Panuto: Isulat ang iyong sagot sa iyong worksheet. Pagkatapos magpalitan kayo ng worksheet ng iyong katabi at isulat ang iyong sagot sa kanyang worksheet, habang sinusulat din niya sa iyong worksheet ng kanyang sagot. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Rubrik sa pagmarka (bawat numero):<br><br>5/5: ang sagot ay nagpapakita ng kusang pagkilos, na nagpapakita ng pagmamalasakit, pagpatawad, pagpapakumbaba, pagtulong, bilang indikasyon ng pananampalataya.<br><br>4/5: may pagkilos na ginawa sa sagot na nagpapakita ng pagmamalasakit, pagpatawad, pagpapakumbaba, pagtulong, bilang indikasyon ng pananampalataya.<br><br>3/3: may kagustuhang na magpapakita ng pagmamalasakit, pagpatawad, pagpapakumbaba, pagtulong, bilang indikasyon ng pananampalataya sa sagot pero kulang ng pagkilos pero hindi nagawa dahil may dahilan.<br><br>1-2/5: ang sagot ay nagpapakita ng kakulangan ng pagmamalasakit, pagpatawad, pagpapakumbaba, pagtulong, bilang indikasyon ng pananampalataya.<br><br>Pananampalataya sa Puso at Gawa<br><br>1. Si Anna at kanyang kapatid na si Marco ay parating nag-aaway. Makulit kasi si Marko at parating iniinis si Anna. Ano ang gagawin mo kung ikaw si Anna:<br><br>Sagot Ko:<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>Sagot Mo: Pangalan____________________ Lagda: ________________<br><br>________________________________________<br>________________________________________<br>__ | |

2. Nawalan ng trabahao ang Tatay mo at halos wala kayong mapagkunan ng pangangailangan sa araw-araw. Ano ang pwede mong gawin batay sa aral ng pananampalataya sa ganitong sitwasyon?

Sagot Ko:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Sagot Mo: Pangalan_______________________ Lagda: _____________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Nagkasakit ang Nanay mo at walang naglilinis wala ring nagluluto lalo na sa Nanay mong may sakit. Ano ang gagawin mo?

Sagot Ko:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Sagot Mo: Pangalan_______________________ Lagda: ____________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Pagsasadula

Maaring isadula ang mga kilos na nabanggit kung may oras pa.

**Mabuti ito, Gagawin ko**

Rubrik Sa Pagmarka:

| | | |
|---|---|---|
| | 5/5: Makikita sa gawa ang kasiglahan at patunay sa paggawa ng mag-aaral ng gawang aralin.<br>4/5: Gumawa at nagpakita ng patunay sa pagsunod sa gawang aralin.<br><br>1-3/5: Kulang ang kasiglahan at patunay sa paggawa ng gawang aralin.<br><br>Panuto: Pumili sa talaan sa ibaba, ng pwedeng gawin mo, para maiparamdam mo ang iyong pagmamahal sa iyong mga magulang o kasapi sa pamilya. Kumuha ng litrato na nagpapakita ng reaksyon nila ng mabasa, o patunay ng ginawa mo. Pwede ding magsalaysay ng kanilang reaksyon at karanasan mo sa paggawa ng Gawaing Aralin.<br><br>Ibigay sa guro ang litrato, o salaysay ng pinili mong gagawin. Ibigay ito sa petsang itinakda, na may lagda ng magulang mo.<br><br>1. Susulat ako ng pasasalamat sa paghahanap buhay ni Tatay para sa aming pamilya.<br>2. Gagawa ako ng maikling sulat na ilalagay ko sa lugar na makikita ni nanay habang siya ay nagluluto.<br>3. Paliligoan ko ang aking alagang aso.<br>4. Bibigyan ko si Ate ng munting regalo, pagpapasalamat sa pagtulong niya sa aking mga bahay aralin.<br>5. Tutulong ako kay Mama sa paghugas ng pinggan.<br>6. Mamasahehin ko ang likod/ulo/paa ni Daddy at/o Mommy.<br>7. Tatanungin at pakikinggan ko kung ano ang payo sa akin ng aking kuya bilang nakababatang kapatid na lalaki.<br>8. Idagdag ang na-isip mong gawin:______________________________<br><br>Aking napiling gawin: ________________________________________<br><br>Bakit mo ito napili paano ito nauugnay sa sitwasyon ng pamilya Mo?<br>____________________________________________________________ | . |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**Ang Pinakamahalagang Aral Para sa Akin**<br><br>Punan ang mga puwang sa talata sa ibaba:<br><br>Sa ngayon ang aming pamilya ay ______________________________<br>______________________________<br><br>Para sa akin ang pinakamahalagang aral sa araling ito na angkop para sa sitwasyon ng aking pamilya ay<br>______________________________<br>______________________________<br><br>Kaya, ako ay (Ano ang gagawin mo ugnay sa aral na sagot mo sa taas)?<br>______________________________<br>______________________________<br><br>**Ang Matimatiko ng Pananampalataya**<br><br>Panuto: Lagyan ng simbulo ng bawas **— (*subtract o delete*)** kung sa palagay mo ay dapat bawasan o burahin ang asal/ugali na ito sa iyo, simbolo ng dagdag naman **+ (addition)** kung dapat itong dagdagan, at **X (multiplication)** naman kung dapat talaga itong gawin parati.<br><br>____ mapagpakumbaba ____ katamaran ____ pagpapatawad<br>____ matulungin ____ mapagbigay ____ mapagmataas<br>____ mapagmahal ____ magalitin ____ pagdadabog<br>____ maunawain ____ pagmamalasakit ____ pagsisinungaling<br>____ inggit ____ maramot ____ mapanira<br>____ maalalahanin ____ masayahin ____ mapasalamatin<br>____ madasalin ____ reklamador ____ mapagbigay | Halimbawa:<br><br>Nahihirapan dahil walang katulong. Nag-aaway away dahil sa gawaing bahay.<br><br>Dapat kaming magmahalan at magtulungan.<br><br>Tuwing hapon pagdating galign paaralan ako ay tutulong sa paglilinis ng bahay.<br><br>Mananalangin ako na matutng magpakumbaba at magpatawad sa mga kapatid.<br><br>Gabay sa pagmarka:<br><br>5-4/5: Nagpakita ng kasiglahan sa paggawa ang mag-aaral<br><br>3-1/5: Ginawa ng mag-aaral ang gawaing aral. |

| | | |
|---|---|---|
| | Ang natutuhan ko sa gawaing ito: ___________________________________________ | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Kabilin-bilinan ni Ma'am**<br><br>Mga isang linggo o isang buwan mula ngayon, baka makalimutan mo na ang natutunan mo sa dalawang linggong nakalipas. Kaya isunulat na ang mga tagubilin para sa araling ito. Punan ang mga puwang sa sulat sa ibaba ayon sa ating natutunan sa natapos nakalipas na dalawang linggo.<br><br>Nobyembre 1, 2023<br><br>Mahal kong mag-aaral,<br><br>Gusto mo ba ng maaasahang tulong at gabay sa iyong buhay at pamilya? Kailangan mo ng pagpapahalaga sa (1.) P __ __ __ __ __ __ P __ __ __ __ __ __ A Ang pakikipag-ugnay sa Diyos ay nagpapalawak ng ating pananaw para hindi tayo nakatuon sa pansariling kapakanan lamang. Bagkos sa kapakanan ng nakararami lalo ng ng ating (2.) P __ __ __ __ __ A. Ang pakikipag-ugnay sa Manlilikha ay may mga magagandang epekto sa ating buhay. Magsaad ng dalawang positibong epekto ng pananampalataya na natatandaan mo:(3.) M __ __ __ __ M __ __ __ L,<br>(4.) M __ __ __ __ __ __ K __ M __ __ __ A.<br><br>Pagsikapang isabuhay ang (5.) P __ __ __ __ M __ __ __ __ __ __ __ T. Pagpaparamdam ito ng ating pakikibahagi sa hirap o problema ng kasapi sa pamilya. Para hindi mabigatan sa mga gawaing bahay ang isang kasapi ng pamilya dapat tayong maging (6.) M __ __ __ __ __ __ __ __ __ N.<br>Kung may di pakakaunawaann sa pamilya at ikaw ang nasaktan maging | Mga sagot:<br><br>1. Pananampalataya 2. Pamilya<br>3. Mapagmahal<br>4. Mapagpakumbaba.<br>5. Pagmamalasakit<br>6. Magtulungan<br><br>7. Mapagpatawad<br>8. Magpakumbaba<br>9. Pagsamba,<br><br>10. Pagdasal<br><br>11. Igalang<br>12. Pagmamahal<br>13. Kapamilya<br>14. Pamilya<br><br>15. Diyos |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">(7.) M __ __ __ __ P __ __ __ __ __ D. Kapag ikaw naman ang nagkamali dapat matutong(8.) M __ __ __ __ __ __ __ M __ __ __ A.<br><br>Para mapalago mo ang iyong pananampalataya importante ang palagiang (9.) P __ __ S __ __ __ __ __ at (10.) P __ __ D __ __ __ L . Subalit, laging ipaalala sa iyong sarili na dapat (11.) I __ __ L __ __ G ang taong may ibang pananampalataya sa iyo.<br><br>Kahit anong kasarian, lahi o kalagayan dapat mong isabuhay ang (12.) P __ __ M __ __ __ H __ __ L, lalo’t higit sa iyong (13.) K __ __ __ M __ __ __ A.<br><br>Kahit bata ka pa, may malaki kang bahagi sa buhay iyong (14.) P __ __ __ __ __ A.<br><br>Mahal kita! Ang (15.) D __ __ __ S ay nagpapala sa batang sa Kaniya ay nagtitiwala.<br><br>Ang iyong guro,</td>
<td>Kahulugan ng Puntos na nakuha:<br><br>14-15/15: Napakagaling alam na alam mo ang aralin.<br><br>11-13: Magaling mataas ang antas ng iyong kaalaman sa aralin.<br><br>7-10: Ayon sa karaniwan ang iyong kaalaman sa aralin.<br><br>1-6/15: Mababa sa inaasahan ang iyong kaalaman sa aralin. Kailangan itong pagbutihin.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="3">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="3">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya Maayos bang nasunod ang estratihiya? Nakuha ba ang layunin sa pamamagitan nito?</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan Madali ba makuha ang mga kagamitan sa pagturo na kinakailangan?</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** Nakilahok pa ang mag-aaral sa mga gawang aralin? Nakitaan ba sila ng kasiglahan sa pakikilahok sa mga gawain? | | | tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. |
| | ***At iba pa*** Naging madali ba para sa guro ang pagsunog ng modelogn banghay aralin? | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |